Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-3 REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 28 ENERO 2008, IKA – 9:30 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN

Mga Dumalo:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis - Tagapangulo
Konsehal Agustin L. Cusi
Konsehal Cesar T. Baticos
Konsehal Jocelyn G. Solabo
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Hernan C. Erorita
Konsehal Bernabe S. Mortel
Konsehal Edren Y. Faderon
Konsehal Napoleon M. Dimapilis

Hindi Nakadalo:

Konsehal Larry V. Salazar - Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Mary Jamaica Jeigh Q. Sarmiento – Pangulo, Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

KAPASYAHAN BLG. 006
Taong 2008

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NI PUNONG BARANGAY RODOLFO I. SADIWA, BARANGAY SAN VICENTE, ROXAS, SILANGANG MINDORO

SAPAGKAT, si Punong Barangay Rodolfo I. Sadiwa ay naglingkod sa kanyang barangay bilang Konsehal noong taong 1982 hanggang 1994 at Punong Barangay mula 1997 – 2008;

SAPAGKAT, habang siya ay Punong Barangay hindi ito naging sagabal upang siya ay maglingkod din bilang kasapi ng Civilian Armed Forces Geographical Unit (CAFGU) ng Hukbong Sandatahan ng Pilipinas, na tumutulong sa pangangalaga ng katahimikan at pagtatanggol sa demokrasya;

SAPAGKAT, sa kanyang paglilingkod na ito sa abot ng kanyang kakayahan at kaalaman ay nagsikap siya na mabigyan ng kalutasan ang mga pangangailangan at karaingan ng kanyang mga kabarangay;

SAPAGKAT, kahit sa kanyang maliit na kapasidad ay ginampanan niya ng buong katapatan, kasipagan at may dedikasyon ang tungkuling sa kanya ay iniatang at pinagkatiwala ng mamamayan at pamahalaan;

SAPAGKAT, sa panahon ng kanyang pamamalagi sa daigdig na ito, ipinakita niya ang pagsisikap na maging isang mabuting lingkod-bayan, responsableng asawa at ama ng kanyang mga anak, tapat at mabait na kaibigan sa kanyang mga kasama sa paglilingkod sa pamahalaan dahilan upang damdamin at ipighati ng kanyang mga naiwan na sa kanya ay nagmamahal;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro sampu ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ay lubos na nakikiramay sa mga naulila ni Punong Barangay Rodolfo I. Sadiwa lakip ang pakikidalamhati at pagdarasal para sa kapayapaan at katarungan.

DAHIL DITO, sa mungkahi ng lahat –

IPINASIYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa pamilya ng pumanaw ng Punong Barangay ng Barangay San Vicente Kgg. Rodolfo I. Sadiwa ang taospusong pakikiramay ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at kawani ng Pamahalaang Bayan ng bayang ito.

IPINASIYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa pamilya ng pumanaw na Punong Barangay ng San Vicente, Roxas, Silangang Mindoro.

Pinagtibay: 28 Enero 2008

PINATITIBAYANG WASTO:

FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:

VIOLETA L. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY.

JACKSON CINCO DY
Municipal Mayor

mvr2/012808